

Pinansiyal na Tulong sa Mga AHN Bill

Ang Allegheny Health Network (AHN) ay nangangako na magbigay ng kinakailangan sa paggagamot na serbisyo sa mga pasyente magkano man ang kanilang bayaran. Para matupad ang aming pangako, kami ay nakikipagtrabaho kasama ang aming mga pasyente upang matulungan silang matugunan ang kanilang pinansiyal na obligasyon para sa mga serbisyong ipinagkakaloob namin.

Sino ang maaaring kuwalipikado para sa pinansiyal na tulong sa kanilang mga AHN bill?

Ang Allegheny Health Network ay maaari rin maghandog ng pinansiyal na tulong sa kanilang mga AHN bills sa mga pasyente:

- Wala o limitado ang medikal na insurance
- Iyong hindi karapat-dapat para sa Medicare o Medicaid
- Iyong ang mga mamamayan ng Estados Unidos o legal na permanenteng residente ng Estados Unidos
- Iyong nakatira sa pangunahing lugar na pinaglilingkuran ng AHN
- Iyong naisadokumentong may pinansiyal na pangangailangan

Paano ko malalaman kung kuwalipikado ako para sa pinansiyal na tulong?

Ang bawat pasyente ay dapat mag-apply para sa pinansiyal na tulong sa mga AHN bill. Para mag-apply:

- I-download at i-print ang Allegheny Health Network Financial Assistance na Application (form at mga instruksyon), <https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills>.
- Kumpletuhin ang form at isumite ito kasama ng mga hinihiling na katibayan ng kita.
- Kung hindi ninyo ma-download o ma-print ang form, kailangan ng tulong sa pagkukumpleto sa pagsusulat ng inyong application, o kailangan ng tulong sa proseso ng pinansiyal na tulong para sa mga sumusunod na ospital, Allegheny General Hospital, Allegheny Valley Hospital, Canonsburg Hospital, Forbes Hospital, Jefferson Hospital, Saint Vincent Hospital, Westfield Memorial Hospital or West Penn Hospital, mangyari lang tumawag sa AHN Customer Care Center sa 1-844- 801-8400 o bumisita sa admissions office sa AHN hospital kung saan ninyo natanggap ang mga serbisyo.

- Ipadala sa koreo ang kahilingan para sa isang libreng kopya ng Allegheny Health Network Financial Assistance Policy and Application sa address na nakalista sa ibaba:

Customer Care Center 4
Allegheny Center, 4th Floor
Pittsburgh, Pa 15205

Nirerepaso ng AHN ang bawat Financial Assistance Application. Magpapadala ang AHN ng liham sa pasyente kung kailangan ng mas maraming impormasyon.

Dapat matanggap ng AHN ng karagdagang impormasyon sa loob ng 30 araw, o tatanggihan ang application.

Bibigyan ng abiso ng Allegheny Health Network ang pasyente, o ang guarantor ng pasyente, o ang kinatawan sa desisyon, sa pamamagitan ng isang kasulatan.

Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng Allegheny Health Network

Ang mga ospital at doktor ng Allegheny Health Network (AHN) ay may pananagutan na mapahusay ang kalusugan ng aming mga pasyente at ng mga komunidad na pinaglilingkuran namin. Patakaran naming maghandog, nang walang diskriminasyon, ng medikal na pag-aalaga sa lahat ng mga pasyente, kasama na iyong may kahirapan na bayaran ang mga serbisyo sanhi ng limitadong kita. Binibigyan ng AHN ng limitasyon ang mga halagang siningil para sa emergency o iba pang kinakailangan sa paggagamot na pag-aalaga na ipinagkaloob sa mga indibiduwal na karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong. Ang mga indibiduwal na ito ay hindi sisingilin ng higit sa amounts generally billed o mga halagang karaniwang sinisingil (AGB) sa mga indibiduwal na sakop ng insurance. Para matugunan ang pangangailangan ng komunidad, ang AHN ay naghahandog ng programa ng Pinansiyal na Tulong.

Ang programa ng pinansiyal na tulong ng AHN ay ganap na inilalarawan sa Allegheny Health Network Financial Assistance and Collection Policy na nagkabisa ng Enero 1, 2018. Ang patakaran na ito ay ipapataw sa mga provider ng AHN at sa mga kontroladong affiliate, kasama ang mga nagtatrabaho sa kanilang doktor. Heto ang isang buod ng patakaran, na ipinapaliwanag na:

- Sino ang karapat-dapat, batay sa mga patnubay ng kita, para sa pinansiyal na kita mula sa AHN.

- Anong mga serbisyo ng AHN ang kasama at hindi kasama sa ilalim ng patakaran
- Paano mag-a-apply ang isang pasyente para sa pinansiyal na tulong mula sa AHN

Sino ang karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong

Nasa patakaran ng AHN na magkaloob ng pinansiyal na tulong sa mga pasyente:

- Iyong wala o limitado ang medikal na insurance
- Iyong hindi karapat-dapat para sa Medicare o Medicaid
- Iyong ang mga mamamayan ng Estados Unidos o legal na permanenteng residente ng Estados Unidos
- Iyong nakatira sa pangunahing lugar na pinaglilingkuran ng AHN
- Iyong naisadokumentong may pinansiyal na pangangailangan

Ano ang mga patnubay sa kita para sa pinansiyal na kita?

Ang mga patnubay sa kita para sa pinansiyal na tulong ay nasa pagitan ng 100% at 200% ng pinakahuling federal poverty guidelines (pederal na mga patnubay sa kahirapan) Ang talaan sa likod ay nagpapakita ng karapat-dapat na kita batay sa 2018 federal poverty guidelines.

Ang 2018 Federal Poverty Guidelines para sa 48

Contiguous States at sa District of Columbia

| | | Saklaw ng Kita | |
|-----------------|-------------|----------------|--|
| Sambahayan Laki | 100% | 200% | |
| 1 | \$12,140.00 | \$24,280.00 | |
| 2 | \$16,460.00 | \$32,920.00 | |
| 3 | \$20,780.00 | \$41,560.00 | |
| 4 | \$25,100.00 | \$50,200.00 | |
| 5 | \$29,420.00 | \$58,840.00 | |
| 6 | \$33,740.00 | \$67,480.00 | |
| 7 | \$38,060.00 | \$76,120.00 | |
| 8 | \$42,380.00 | \$84,760.00 | |

*Batay sa dalawang beses ng kasalukuyang patnubay sa kahirapan. Para sa mga pamilya/sambahayan na may higit sa 8 katao, magdagdag ng \$4,320 para sa bawat karagdagang tao.

Para sa Westfield Memorial Hospital, ang saklaw ng karapat-dapat na kita ay hanggang 300% ng Federal Poverty Guidelines. Mangyari lang sumangguni sa Apendiks E ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong para sa

kumpletong talaan ng saklaw.

Ano-anong mga serbisyo ang karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong?

Ang Pinansiyal na Tulong ay handang magamit ng mga karapat-dapat na pasyente para sa mga serbisyonang ito:

- Mga emergency na medikal na serbisyo
- Ang mga kinakailangan sa paggagamot (hindi opsyonal) na serbisyo para sa maagap na agaw-buhay na kondisyon na ipinagkaloob sa labas ng Emergency Department
- Iba pang mga serbisyo na kinakailangan sa paggagamot tulad nang napagpasyahan sa bawat indibiduwal na kaso

Ang pinansiyal na tulong ay hindi available mula sa AHN para sa mga serbisyo tulad ng:

- Mga serbisyonang matuturing na “hindi sakop” ng Medicare
- Mga serbisyonang matuturing na hindi kinakailangan sa paggagamot, kasama na ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:
 - Mga cosmetic services
 - Mga opsyonal na serbisyo na may kaugnayan sa reproduction, tulad ng vitro fertilization o vasectomy/vasectomy reversal
 - Transplant na pag-oopera at mga serbisyonang may kaugnayan dito
 - Bariatric (pagbabawas ng timbang) na pag-oopera at mga kaugnay na serbisyo
 - Mga medikal na serbisyo na komplementaryo/alternatibo tulad ng acupuncture
 - Routine na mga pagsusuri sa mata
 - Mga contact lens, mga hearing aid, cochlear na implant
 - Deep-brain stimulation
 - LDLapheresis
 - Ang mga serbisyonang sakop ng di AHN na mga programa o grant tulad ng Ryan White program para sa pag-aalaga ng may HIV/AIDS

Paano ako makakapag-apply para sa pinansiyal na tulong sa mga AHN bill?

Para mag-apply sa pinansiyal na tulong sa mga AHN bill, ang pasyente o kinatawan ay dapat magkumpleto at magsumite sa Allegheny Health Network na Application para sa Pinansiyal na Tulong at ang mga kinakailangang katibayan ng kita. Ang application at mga katibayan ng kita ay dapat matanggap ng AHN sa loob ng 240 araw nang petsa nang matanggap ng pasyente ang mga medikal na serbisyo mula sa AHN.

Nakasaad sa website, <https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills>, ang patakaran sa pinansiyal na tulong, na nakabuod sa simpleng wika, at application ay dapat isalin-wika sa mga sumusunod na wika:

| | | |
|-----------|--------------|------------|
| German | • Korean | • French |
| Italian | • Maithili | • Turkish |
| Polish | • Urdu | • Filipino |
| Russian | • Uzbek | • Persian |
| Ukrainian | • Vietnamese | • Hindi |
| Chinese | • Spanish | |
| Japanese | • Portuguese | |

Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente ng AHN

Kung may mga tanong kayo, kailangan ng tulong sa pagsusulat sa inyong application, kailangan ng nasa papel na kopya, o kailangan ng mas maraming impormasyon tungkol sa inyong bill sa Allegheny Health Network o sa aming programa sa Pinansiyal na Tulong, mangyari lang tumawag sa numero ng telepono sa ibaba o magpunta sa registration area ng ospital kung saan ninyo natanggap ang mga serbisyo.

Allegheny General Hospital

Customer Care Center: 1-844-801-8400 Financial Counselors: 412-359-4067, 412-359-6474, 412-359-8076, 412-359-5767

Lokasyon ng Financial Counselor: Ang outpatient registration sa first floor ng Snyder Pavilion o Sandusky registration area sa first floor

Website:

<https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills>

Allegheny Valley Hospital

Customer Service: 1-800-547-0540

Financial Counselors: 724-226-7478, 724-226-7283

Lokasyon ng Financial Counselor: Admission area sa ground floor o Ambulatory Surgical Waiting Area

Website:

<https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills> Physician Billing:

1-844-801-8400

Canonsburg Hospital

Customer Service: 1-800-547-0540 Financial Counselor: 724-873-

5948 Financial Counselor Location: First Floor Physician Billing: 1-

844-801-8400 Website:

<https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills>

Forbes Hospital

Customer Care Center: 1 -844-801-8400 Financial Counselor: 412-

858-2325, 412-858-2521 Financial Counselor Location: First Floor

Website:

<https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills>

Jefferson Hospital

Paglilingkod sa Customer: 1-844-801-8400 Financial Counseling:

412-469-5366 Financial Counselor Location: Main office, first floor

Website:

<https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills>

Saint Vincent Hospital

Customer Care Center: 1 -844-801-8400 Financial Counselor:

814-452-7715, 814-452-5338, 814-452-5020 Financial Counselor

Location: Admitting office, first floor Website:

<https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills>

West Penn Hospital

Customer Care Center: 1 -844-801-8400 Financial Counselors: 412-

578-5031, 412-578-5032

Financial Counselor Location : Admissions office first floor North Tower

Website:

<https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills>

Westfield Memorial Hospital

Customer Care Center: 1 -844-801-8400

Financial Counselor: 814-452-5338

Lokasyon ng registration: Admitting office first floor sa St. Vincent

Website: <https://www.ahn.org/financial-assistance-ahn-bills> AHN Patient Financial Services